



- Saan nga ba napupunta ang basura natin? At Alamin ang latest recycling ngayon, Tingnan ang pag bisita ng ating mga International Exchange Staff sa recycling center!
- Mga Japanese language classes sa iba't ibang panig ng Gifu
- Ingatan ang “Buhay” Alamin kung paano makakakuha ng disaster information sa iba't ibang wika

Gifu City Recycling Center

Silipin ang mga naka-compress na PET bottles



GIFU INTERNATIONAL CENTER (GIC)

Issue Date: Pebrero 1, 2026 (Inilalathala tuwing Hulyo, Nobyembre, at Pebrero)

Saan napupunta ang ating basura? At Alamin ang latest recycling ngayon: Facility Tour ng ating mga International Exchange Staff!



Ang mga International Exchange Staff (CIR) na nagtatrabaho sa Gifu Prefecture at sa Gifu International Center (GIC) ay sumama sa isang facility tour. Gamit ang "Civic Action Go" (isang bus para sa garbage reduction awareness), binisita nila ang Gifu City Recycling Center at ang Nihon Taisanbin Kogyo Co., Ltd. sa Ogaki City.

Ano nga ba ang Gifu City Recycling Center?

Dito dinadala ang apat na uri ng recyclable waste (lata, plastic packaging, bote, at PET bottles) na hinihiwalay natin sa bahay. Sa center na ito, manu-manong sinusuri ang mga basura (hand-sorting) at pino-proseso (gaya ng pag-compress) bago ito i-transport sa mga recycling factories para muling pakinabangan.




Gifu City Recycling Center

Proseso ng Recycling sa Gifu City

1 Koleksyon mula sa bahay
Ang mga recyclable waste na inilabas niyo ay kinukuha ng mga garbage truck at dinadala sa Gifu City Recycling Center.



2 Pagbubukod-bukod
Pagdating sa center, ibinababa ang mga basura sa kani-kanilang platform (mga area para sa bawat uri ng resource) para pansamantalang i-store.



3 Manu-manong Pagpili
Dito, tinitingnan ng mga staff ang bawat basura at tinatanggal ang mga madudumi o yung mga bagay na hindi dapat kasama roon.



Manu-manong pagbubukod ng mga plastic packaging

4 Pag-compress at Pag-iimbak
Ang mga napiling basura ay i-store o kaya ay i-compress (pipitpin para maging blocks) bago ibigay sa mga kumpanyang nagpo-proseso ng recycled materials.



Mga naka-compress na lata

5 Muling Paglikha (Recycling)
Gamit ang teknolohiya ng mga recycling companies, ang inyong mga basura ay muling nabubuhay bilang mga bagong produkto!

Saan napupunta ang mga ni-recycle na basura?

Cans:



Ginagawang mga bakal na yero o bagong aluminum cans.

Plastic Packaging:



Ginagawang mga pallets, planter, o trash bags.

Glass Bottles:



Ginagawang mga bagong bote o ginagamit sa paggawa ng kalsada.

PET Bottles:



Ginagawang pellets, work clothes, o bagong PET bottles.



Recycling Quiz!



Nag pa-picture sa truck ng basura! (trick art)

Ano ang Nihon Taisanbin Kogyo Co., Ltd.?

Ang Nihon Taisanbin Kogyo ay isang kumpanya sa Ogaki City na gumagawa at nagbebenta ng mga glass bottles. Sila ay kilala sa paggawa ng mga kulay brown at transparent na bote. Alam niyo ba? Sila ang gumagawa ng halos 40% ng mga energy drink bottles sa buong Japan!

Ang mga boteng nakokolekta mula sa Gifu City Recycling Center ay dinadala sa kanilang group company (Marusho Co., Ltd.) para durugin at gawing "cullet" (mga piraso ng bubog). Pagkatapos, ginagamit ito ng Nihon Taisanbin para makabuo muli ng mga bagong bote.



Nihon Taisanbin Kogyo Co., Ltd. (Ogaki City)



Acid-resistant bottle para sa mga kemikal
(Gawa pa noong 40+ years ago)

Ano ang masasabi ng ating mga International Exchange Staff (CIR)?

- "Nalaman ko na ang mga lithium-ion batteries ay pwedeng magsanhi ng sunog. Napakahalaga palang itapon ang mga ito sa tamang lugar para sa ating kaligtasan."
- "Nakita ko kung paano manu-manong tinatanggal ang mga label at takip ng PET bottles. Dahil dito, mas naintindihan ko kung gaano kaimportante ang pag-check sa rules at ang tamang pagbubukod-bukod ng basura."
- "Hindi pala pwedeng i-recycle ang mga madudumi o may kulay na PET bottles at plastic packaging. Mula ngayon, sisiguraduhin ko nang huhugasan muna ang mga ito bago itapon."
- "Ngayon ko lang nalaman na bawal palang isama ang heat-resistant glass (halimbawa: mga baking dish o microwavable glass) sa mga ordinaryong bote. Sa Gifu City, considered itong 'Sodai Gomi' (Bulky Waste), kaya dapat sundin ang tamang rule."
- "Ramdam ko na ang simpleng disiplina ng bawat isa sa atin sa pag-handle ng basura ay malaking tulong para maging successful ang recycling."

Ingatan ang ating buhay!

~Alamin ang mga disaster information sa iba't ibang wika~

I-follow ang "Facebook Page" ng Gifu International Center!

Naglathala ang aming center ng mga mahahalagang impormasyon tungkol sa sakuna sa anim (6) na wika. Para sa iyong kaligtasan at ng iyong mga mahal sa buhay, i-scan ang QR code sa right side para i-follow.

Halimbawa ng mga Alerts

Emergency Safety Assurance ➔ Delikado ang iyong buhay!

Evacuation Order ➔ Lumikas na agad!

Flood Danger Level ➔ Maaaring umapaw ang tubig sa ilog.

Evacuation Decision Level ➔ Tumaas na ang level ng tubig sa ilog.

Landslide Warning ➔ Posibleng magkaroon ng landslide.

QR Code ng aming Facebook!!



Japanese



English



Chinese



Portuguese




Filipino



Vietnamese

Halimbawa ng hitsura ng post (sa smartphone)


i-click ang "See More"



Oras at petsa kung kailan ipinost

Pangalan ng partikular na ilog

Impormasyon tungkol sa level ng tubig



Tips sa Wastong Pagpapatapon ng Basura

Point



① Alamin ang mga Rules


I-check ang website o mga abiso mula sa inyong munisipyo para malaman ang tamang rules. Magkakaiba ang patakaran sa bawat lugar, kaya mahalagang i-check ito nang maaga.

Anong klaseng trash bag ang dapat gamitin? Saan at anong oras dapat ilabas ang basura? Siguraduhing sundin ang rules sa lugar kung saan kayo nakatira.



② Tamang Pagbubukod-bukod (Segregation)

May kanya-kanyang schedule at lugar ang bawat uri ng basura. Kapag tama ang pagbubukod-bukod (segregation), mas nagiging mabilis at maayos ang recycling.



③ Huwag kalimutan ang Collection Day

Ilagay sa calendar ang schedule ng koleksyon para hindi kayo makaligtaan sa pagtatapon.

Alamin at sundin natin ang mga rules sa ating munisipyo para sa tamang pagtatapon ng basura. Ang disiplina sa pagtatapon ay malaking tulong sa recycling at sa pagprotekta sa ating kalikasan at resources para sa kinabukasan.

Gifu Japanese Learning Support Website

Ang website na ito ay ginawa para mas madaling makahanap ng impormasyon tungkol sa mga Japanese language classes sa buong prefecture gamit ang iba't ibang wika.

Magagamit ito ng mga foreign residents na gustong mag-aral ng Japanese, at ng mga supporters na naghahanap ng mga updates tungkol sa Japanese language education.

Ngayon, may bago na kaming "Case Studies" (Mga halimbawang gawain) page. Dito niyo makikita ang iba't ibang activities at kwento mula sa mga local Japanese classes. Bisitahin ang aming website at i-check ito!



<https://www.gic.or.jp/nihongo/tl/>

【Sumali bilang Supporter】

Tumatanggap kami ng mga indibidwal at grupo na gustong tumulong sa aming mga gawain.

Annual fee 3000 yen para sa indibidwal
5000 yen para sa grupo

Para sa karagdagang detalye, kontakin lang ang Gifu International Center

GIC Membership Benefits

Makakatanggap ka ng magazine (Sekai wa Hitotsu) at may discount sa mga event.

Consultation para sa mga Foreign Residents sa Gifu

Tumatanggap ang Gifu International Center ng konsultasyon tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa Tax, Housing, Education, Welfare (tulong mula sa gobyerno). Pwede kang kumonsulta sa 15+ languages.

Para sa

Mga dayuhang naninirahan sa Gifu Prefecture

Konsultasyon sa telepono

Available sa higit 15 wika

Face-to-face na konsultasyon

English, Chinese, Portuguese, Filipino, Vietnamese



TEL: 058-263-8066 Office hours: 9:30 AM – 4:30 PM (Monday to Friday)

Publisher & Editor

Gifu International Center (GIC), Public Interest Incorporated Foundation

〒500-8875 Gifu-shi Yanagase-dori 1-12 Gifu Chunichi Biru 2-kai

TEL: 058-214-7700 FAX: 058-263-8067

E-mail: gic@gic.or.jp Website: <https://www.gic.or.jp>

Opening Hours: 9:30 AM hanggang 6:00 PM (Sunday to Friday)

Closed: Sabado, holidays, at year-end/New Year holidays

Available Languages: English, Chinese, Portuguese, Filipino, Vietnamese, at iba pa

